



Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


# 5



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 4

## Pagbabagong Pangkultura sa Ilalim ng Kolonyalismong Espanyol



Pangalan: ______________________________________

Baitang at Seksyon: ____________________________

Paaralan: ______________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


**Manunulat:** Rangie L. Bagasan
Mizpa R. Ando

**Mga Editor:** Julieta L. Arellano
**Tagasuri:** Razel L. Fernandez
Kristian P. Roxas
Crisente P. Talitayan

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** Rangie L. Bagasan
Mizpa R. Ando

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC,Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC,Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. MAgallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS –LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS- Araling Panlipunan



# Alamin

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Matatalakay ang impluwensiya ng mg Espanyol sa kultura ng mga Filipino.



# Balikan

**I.Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

_____1. Ano ang tributo?
A. buto
B. buwis
C. ginto
D. yaman

_____2. Ano ang tunay na dahilan ng pagkagalit ng mga Pilipino sa paniningil ng buwis?
A. Ang mataas na halaga nito
B. Ang pang-aabuso ng mga nangongolekta nito
C. Ang hindi magandang layunin sa paniningil nito
D. Bago ang patakarang ito sa pamumuhay ng mga Pilipino

______3. Ang produktong nalikom mula sa tributo ay ipinagbili ng mga encomendero sa mga Pilipino sa napakataas na halaga. Ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino?
A. Nag-alsa laban dito.
B. Nagsawalang-kibo lang.
C. Sumang-ayon agad sila.
D. Nakiisa sa mga encomendero

_____4. Ang mga mamamayang tumangging magbigay sa itinakda ng mga encomendero ay pinarurusahan sa harap ng maraming tao. Ano ang naging bunga nito sa Pilipino?
A. Nanahimik na lamang sila.
B. Naging maayos ang kanilang pagtratrabaho.
C. Naging mapayapa ang kanilang encomienda.
D. Sila ay naghimagsik laban sa mga Espanyol.

_____5. Isa pang uri ng buwis ay ang bandala. Subalit kadalasan hindi nababayaran ang mga Pilipino para sa mga produkto nila. Ano ang bandala?
A. Isa itong panukat sa mga buwis na binabayaran.
B. Tulong ito na ibinibigay sa mga miyembro ng encomienda.
C. Ito ay sapilitang pagbili ng pamahalaan ng ani ng mga magsasaka.
D. Kusang loob itong ibinibigay at binabayaran ng mga miyembro ng encomienda.

| Aralin 4 | Pagbabagong Pangkultura sa Ilalim ng Kolonyalismong Espanyol |
|---|---|



## Tuklasin




Ano ang  nasa larawan?

Ano ang papel na ginampanan nito sa kasaysayang Pilipino?

Malaki ang pagbabago ang naganap sa kultura ng mga Filipino mula sa kanilang kinagisnan at kinasanayang pamumuhay noong sinaunang panahon. Gaya ng nasa larawan, nag-iba ang anyo ng panahanan ng mga Filipino sa ilalim ng mga Espanyol- naging simbolo ng estadong panlipunan ang bahay na bato. Ang kanilang kasuotan ay binago at itinulad sa sa kasuotan ng mga Espanyol at iba pang kolonya nito sa daigdig.



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto.**

## PAGBABAGO SA PANAHANAN

Sa kabila ng pagtutol ng mga Filipino, sapilitang inilipat ng mga Espanyol ang kanilang mga tirahan. Sa panahong ito, nabuo ang pamayanang naaayon sa pamantayan ng mga mananakop.

**Sapilitang Paglipat ng Tirahan**

Dalawang pangkat ng mga Espanyol ang nanguna sa pagtatag ng mga bagong pamayanan sa kolonya. Ito ay ang hukbong militar at ang mga misyonerong Espanyol.

Sa bisa ng kautusang ipinalabas ni Haring Philip II noong Abril 1594, ipinatupad ni Gobernador-Heneral Luis Peres Dasmariñas ang sistemang *reduccion*. Ito ay ang sapilitang paglipat ng tirahan ng mga katutubong Filipino sa mga kabayanan. Sapilitang pinababa mula sa kabundukan at inilaks mula sa mga tabing-ilog ang mga mamamayanan upang manirahan sa itinayong pamayanan ng mga Espanyol. Ito ay ipinapatupad sa ilalim ng kondisyong "*bajo de compana*" o paninirahan saan mang bahagi ng *reduction* na nadidinig pa rin ang tunog ng kampana ng simbahan. Isinagawa ang sistemang ito upang mas madaling mapangasiwaan ang mga Filipino at maipalaganap ang Kristiyanismo.

Sa pagpapatupad ng *reduccion*, isinaayos ang mga pamayanan batay sa modelo ng isang lungsod sa Spain. Ang itinayong pamayanan ng mga Espanyol sa Pilipinas ay tinawag na pueblo. Ang sentro ng pueblo ay ang simbahan at ang *poblacion* ay sentro ng munisipalidad. Matatagpuan sa paligid ng simbahan at kumbento ang munisipyo, himpilan ng polisya, hukuman, paaralan, at pamilihang bayan. Higit na nakaangat sa buhay ang pamilyang nakatira malapit sa sentro.

**Iba't Ibang Uri ng Tirahan**

Sa pagdating ng mga Espanyol nagbago rin ang estruktura ng tirahan ng mga Filipino. Ipinakilala ng mga Espanyol ang bahay na bato. Malaki at matibay ang bahay na bato. Gawa ang unang palapag nito sa bato. Ang ikalawang palapag naman ay yari sa matigas na kahoy. Ladrilyo o kogon ang ginamit na bubong. Ang unang palapag ang nagsilbing imbakan ng bigas at mga gamit sa pagsasaka. Tinawag itong *entresuelo*. Ang ikalawang palapag naman ay hinati sa mga silid tulad ng kusina, silid-tulugan, at hapag-kainan. Lumaganap ang konstruksiyon ng bahay na bato noong ika-19 na siglo. Ang pagpapatayo ng ganitong uri ng tirahan ay naging simbolo ng antas ng pamumuhay ng isang pamilya.

# PAGBABAGONG PANLIPUNAN



Ano ang pagkakaiba sa katayuan ng mga Filipino sa lipunan sa panahong kolonyal at noong sinaunang panahon?

Ang salitang Indio ay isang mapanghamak na tawag sa katutubong Filipino noong panahong kolonyal. Mababa ang pagtingin ng mga Espanyol sa mga katutubo at itinuring silang hindi sibilisado sa lipunan.

**Pagbabago sa Katayuan ng Kababaihan**

Nagkakaroon ng malaking pagbabago sa katayuan ng kababaihan noong panahon ng kolonyalismo. Mapupuna ito sa kaniyang gampanin sa tahanan at pamayanan, gayundin sa aspekto ng pamamahala at pagmamay-ari—ang tradisyonal at di-tradisyonal niyang papel sa lipunan.

Sa sinaunang panahon, ang ina ang sentro ng pamilya. Sa pagdating ng mga Espanyol at sa impluwesiya ng Kristiyanismo, nalihis ito sa ama na itinuturing na haligi ng tahanan. Ang mahalagang disisyon ay sa kanya nagmumula sa halip na sa ina o pinakamatandang babae sa pamilya. Sa kabila nito, hindi siya itinuturing na tagasunod lamang sa kaniyang asawa at nanatiling unang guro ng kaniyang mga anak.

Kung sa sinaunang panahon ay nagsilbing pinunong espirituwal ang kababaihan sa katauhan ng mga katalonan at babaylan, sa ilalim ng mga Espanyol ay pinawalang bisa ito at itinuturing ang kanilang gawain bilang maksalanan at mula sa demonyo.

Sa mga alamat ay nakilala ang pamumuno nina Reyna Maniwantiwan at Reyna Sima, gayundin ang mataas na antas ng kababaihan ng Kalinga. Hindi man itinuturing bilang mga alipin, sa ilalim ng mga Espanyol at sa impluwesiya ng Kristiyanismo, bumaba ang katayuan ng mga pagbabagong naganap sa lipunang kolonyal ng Pilipinas.



# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat sa kahon ang mabuti at di- mabuting impluwensiya ng mga Espanyol sa kultura ng mga Filipino.

**KULTURANG FILIPINO**

| MABUTING IMPLUWESIYA | DI- MABUTING IMPLUWENSIYA |
|---|---|
| 1.______________________ | 1. ______________________ |
| 2.______________________ | 2.______________________ |
| 3.______________________ | 3.______________________ |
| 4.______________________ | 4.______________________ |
| 5.______________________ | 5. ______________________ |



# Gawain

**GAWAIN A**

**Panuto:** Ayusin ang mga titik sa kanan upang makabuo ng salita na tinutukoy sa mga pahayag na nasa kaliwa. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

________1.)Ang pangkat na bumuo ng mga tagapangasiwa ng lupa ng mga panginoon ng maylupa. ***niquiinol***

________2.) Tawag sa imbakan ng bigas at mga gamit sa gamit sa magsasaka. ***treeesulon***

________3.) Ang itinayong pamayanan ng mga Espanyol sa Pilipinas. ***lpbuoe***

________4.) Ang tawag sa sistimang ipinatupad ni Gobernador-Heneral Luis Perez Dasmariñas. ***rnduiocce***

________5.)Tawag sa sentro ng munisipalidad ***blcioonpa***

**GAWAIN B**

**Panuto:** Iguhit ang  kung tama ang isinasaad ng pangungusap at  kung mali. Isulat ito sa kwaderno.

________1. Walang magandang naidulot ang kulturang Filipino.

________2. Ipinakilala ng mga Espanyol ang bahay na bato.

________3. Ang ikalawang palapag ang nagsilbing imbakan ng bigas at mga gamit sa magsasaka.

________4. Ang mga Filipino ay sapilitang pinababa mula sa kabundukan at inilikas mula sa mga tabing-ilog.

________5.Lumaganap ang konstruksiyon ng bahay na bato noong ika-19 na siglo.



# Isaisip

**II. Panuto:** Punan ng tamang kaisipan ang patlang.

Natutunan ko sa araling ito na ang sentro ng pueblo ay ________________________________________________________________.

Tinatawag din itong "entresuelo" dahil ________________________________________________________________.

Malaki at matibay ang bahay na bato dahil ________________________________________________________________.

Sa kabilang banda, ang mabuting naidudulot naman ng paglipat ng tirahan ay ________________________________________________________________.



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot .

1. Sa loob ng tahanan, ang mga babaeng Filipino ay______________________?

A. haligi C. sentro ng pamilya
B. ilaw D. tagaturo ng mga bata

2. Sa aspekto ng paniniwala, ang kababaihan ay naging____________________?
   A. tagapayo C. pinunong espirituwal
   B. sentro ng pamilya D. A at B
3. Sa pangkalahatan, ang katayuan ng kababaihang Filipino sa panahong ito ay_______.
   A. haligi C. sentro ng pamilya
   B. ilaw D. tagaturo ng mga bata

4. Bakit ipinakilala ng mga Espanyol ang bahay na bato?
   A. Dahil malaki ang bahay na bato.
   B. Dahil matibay ang bahay na bato.
   C. Dahil magandang tingnan ang bahay na bato.
   D. Dahil mukhang mayan kapag ang bahay mo ay bato..

5. Bakit isinagawa ang sistemang reduccion?
   A. Upang makilala agad sila.
   B. Dahil Malaki ang bahay na bato.
   C. Upang gawing utusan ang mga Filipino.
   D. Upang madaling mapangasiwaan ang mga Filipino.

Ang ikalawang palapag ay hinati sa mga silid tulad ng (6.)_________, (7.)_________at (8.)________. Lumaganap ang konstruksiyon ng bahay na bato noong ika-(9.)_________ na siglo. Ang pagpatayo ng ganitong uri ng (10.)___________ay naging simbolo ng antas ng pamumuhay ng isang pamilya.



# Karagdagang Gawain A

**Panuto:** Unawain at saguting mabuti ang inilalahad sa ibaba. Gawing gabay ang rubric sa ibaba para sa pagkuha ng puntos. ***(10 puntos)***

## RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Mahusay (8)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (6)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (4)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |
| **Sadyang Di-maayos (2)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |




1. Sa pagdating ng mga Espanyol nagbago rin ang estruktura ng tirahan ng mga Filipino. Ipinakilala ng mga Espanyol ang bahay na bato. Malaki at matibay ang bahay na bato. Gawa ang unang palapag nito sa bato. Ang ikalawang palapag naman ay yari sa matigas na kahoy. Ladrilyo o kogon ang ginamit na bubong. Ang unang palapag ang nagsilbing imbakan ng bigas at mga gamit sa pagsasaka. Tinawag itong *entresuelo*. Ang ikalawang palapag naman ay hinati sa mga silid tulad ng kusina, silid-tulugan, at hapag-kainan. Lumaganap ang konstruksiyon ng bahay na bato noong ika-19 na siglo. Ang pagpapatayo ng ganitong uri ng tirahan ay naging simbolo ng antas ng pamumuhay ng isang pamilya.

Sa kasalukuyan, ilarawan mo ang mga iba't ibang tirahan at tahanan ng mga Filipino.

Sagot:________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
__________________________________________________
____________________________________________________________
______________________.

2. Ipaliwanag kung ano ang nasa larawan, at ano ang papel nito na ginampanan nito sa kasaysayang Filipino?

Sagot:______________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
____________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
____________.




# Karagdagang Gawain B

A. **Impluwensiya Noon, Naririto Pa Rin Ngayon**. Pagmasdan ang sariling pamayanan at tukuyin ang mga bagay na nakikitaan pa rin ng mga impluwensiyang kolonyal. Tularan at kompletuhin ang checklist batay sa hinihingi nito. Maaaring dagdagan ang nilalaman ng checklist. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| **Aspektong Pangkultura** | √ | *x* | **Tiyak na Halimbawang Makikita sa Pamayanan** |
|---|---|---|---|
| 1. Panahanan | | | |
| 2. Antas ng Tao sa Lipunan | | | |
| 3. Kababaihan | | | |
| 4. Relihiyon | | | |
| 5. Tirahan | | | |
| 6. Reduccion | | | |
| 7. Entresuelo | | | |

**B. Panuto: Punan ang puwang sa loob ng kahon.**



# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**

1. A
2. B
3. A
4. A
5. A

**PAGYAMANIN**

Tanggapin ang mga kasagutan ng bata na malapit lang ang kaisipan sa teksto.

**GAWAIN A**

1. inquilino
2. entresuelo
3. pueblo
4. reduccion
5. poblacion

**GAWAIN B**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**TAYAHIN**

1. D
2. B
3. A
4. A
5. A
6. kusina,
7. silid-tulugan
8. hapag-kainan
9. 19
10. tirahan

## *Sanggunian*

Karapatang-sipi©2016 ng Vibal Group, Inc., pp.192-198

1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines.

## *Photo Credits:*

https://www.pinterest.ph/pin/398146423299040397/

https://philnews.ph/2020/02/06/ano-ang-kultura-kulturang-pilipino-philippine-culture/

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.